

Masiglang industriya ng makina sa PH



Ang Philippine Machining Industry survey ng MIRDC. (Kuha ni Joy M. Lazcano)

Buhay na buhay ang industriya ng pagmamakina sa bansa, iyan ay ayon sa pagsusuring ginawa ng Metals Industry Research and Development Center (DOST-MIRDC), isang sangay ng Department of Science and Technology.

Ang matatag na katayuan ng sektor ng paggawa at ibang mga industriya ang itinutukoy na dahilan sa paglaki ng dami ng mga mamumuhunan dito.

Siniserbisyuhan ng sector na ito ang iba't-ibang sektor tulad ng food processing, paggawa ng barko, pagmimina, appliance, presswork/stamping, electronics, at marami pang iba.

"Kami ay lubos na nasisiyahan sa pag-unlad ng industriya ng pagmamakina sa bansa sapagkat sinasalamin nito bagama't munti ang kontribusyon ng DOST," pahayag ni DOST Secretary Mario G. Montejo patungkol sa suportang ibinibigay ng MIRDC sa industriya.

Ang MIRDC ay ang nag-iisang ahensiya

ng pamahalaan na sumusuporta sa industriya ng bakal at pag-inhenyero. Kabilang sa industriyang ito ang sektor ng pagmamakina. Maliban dito, siniserbisyuhan din ng DOST-MIRDC ang sektor ng transportasyon, makinang pang-industriyal, agrikultura, metalwork at ang industriya ng konstruksyon.

"Iba't-ibang mga serbisyo ang aming ibinibigay upang tulungan ang industriya ng bakal at pag-iinhinyero sa pakikipagsabayan sa pandaigdigang kalakalan," ani Montejo.

Ang MIRDC ay nagbibigay ng mga iba't-ibang pagsasanay sa mga inhenyero at mga technician maging sa mga kumpanya.

sundan sa pahina 2

PREGINET ng DOST, palalakasin ang PH telemedicine

Ni Katherine Babaran
at Joy M. Lazcano
S&T Media Service

Sa paglago ng teknolohiya, ang real-time na pagpapalitan ng mga impormasyon sa pagitan ng mga ispesyalista at mga duktor sa iba't-ibang dako ng mundo ay maari nang mangyari. Sa pamamagitan ng makabagong teknolohiyang telemedicine, ang mga duktor sa iba't-ibang parte ng mundo ay maari nang magpalitan ng opinyon at impormasyon upang mas mapabilis ang serbisyong medikal.

Ang paggamit ng telemedicine, na produkto ng "communication and information technology", ay naging posible sa bansa dahil na rin sa lokal na broadband network na Philippine Research, Education and Government Information Network o PREGINET ng Advanced Science and Technology Institute, isang ahensiya sa ilalim ng Department of Science and Technology.

Gamit ang iba't-ibang teknolohiya sa pakikipagkomunikasyon, ang mga duktor ay maaari nang magbigay ng mga rekomendasyon

sundan sa pahina 2

Nilalaman

Philippine Tropical Fabrics Day, tema ng Fashionation 2011 p. 2

Mga pinuno ng mga ahensiya ng DOST, pinarangalan p. 3

DOST Sec. Montejo, binati ang mga bagong Pisay iskolar p. 4

Masiglang...

Mula sa pahina 1

Ito rin ay nagbibigay ng mga akreditasyon, quality control, pagsusuri sa mga produktong metal, research and development, at mga konsultasyong pangnegosyo. Ito ay institusyong sertipikado ng ISO 9001:2008.

At dahil maganda ang kalakaran, karamihan sa mga tumugon sa pagsusuri ay naniniwalang maganda ang hinaharap nito sa darating pang mga taon. Marami ang na-eengganyong mamuhunan sa mga production process, kagaya ng paggawa ng mga kagamitan ng mga sasakyang pandagat at panlupa, maging ang windmill upang makagawa ng kuryente gamit ang tubig.

Ang pagsusuri ng MIRDC ay sakop ang taong 2007 hanggang 2008. Pitumput-isang porsyento o 955 sa 1,350 na respondents ay mga may-ari ng mga establisyemento ng mga makina. Ang bilang na ito nagbigay ng kabuuang larawan ng sektor ng pagmamakina sa bansa.

Ayon sa pagsusuri, karamihan sa

mga establisyemento ay nasa larangan ng pangungumpuni o repair services, at ang iba ay nasa paggawa ng mga spare part ng mga makina.

Malaking bahagi ng mga ito ay nasa National Capital Region habang ang ilan ay nakakalat sa iba't-ibang rehiyon ng bansa.

Nakalulugod ding malaman na 98 porsyento ng mga establisyemento ay pag-aari ng mga Filipino habang ang natira ay kasosyo ang mga dayuhan. May ilang porsyento ng mga ito ang itinayo noong taong 1990 hanggang sa kasalukuyan, habang mayroon namang mga paggawaan na nasa ganitong negosyo ang may mahigit nang 50 taon sa industriya.

Sa kabilang dako, ipinakita sa pagsusuri na ang mga establisyementong ito ay pag-aari ng buong pamilya, o kasali ang lahat ng miyembro nito.

Ang pagsusuring ito ng MIRDC ay makikita sa DOST-MIRDC library sa DOST Compound, Bicutan, Taguig City.

PREGINET...

Mula sa pahina 1



at magkaroon ng tamang desisyon ayon sa kanilang pagsusuri gamit ang *telemedicine*.

Sa kabilang dako, ang mga duktor ng Philippine General Hospital ay matagal nang lumalahok sa mga pagpupulong sa *telemedicine*. Kamakailan lamang ay nagkaroon ng pagpupulong gamit ang teknolohiya tungkol sa mga makabagong pamamaraan sa pag-opera sa mga sanggol na nasa sinapupunan pa lang ng kanilang mga nanay.

"Sa pamamagitan ng telemedicine, aming napag-alaman ang iba't-ibang karanasan ng mga eksperto. Ito ay amin ding magagamit ayon na rin sa pangangailangan ng mga institusyong sa bansa natin," wika ni Dr. Serafin C. Hilvano, pangulo ng Department of Surgery ng UP-PGH.

Philippine Tropical Fabrics Day, tema ng Fashionation 2011

Ni Arjay C. Escondo
S&T Media Service, STII

Lokal na hibla mula sa pinya, saging, abaka, Philippine silk, at iba pang halaman ang focus ng Fashionation 2011, isang fashion show na binuo ng Center for International Trade Expositions and Missions ng Department of Trade and Industry. Ang fashion show na gaganapin sa February 24 sa Philippine Trade Training Center, Pasay City ay kaugnay ng selebrasyon ng Philippine Tropical Fabrics (PTF) Day noong January 24.

Idineklara ni Pangulong Benigno Aquino III ang January 24, 2011 bilang PTF Day sa pamamagitan ng Proclamation No. 86 na pinirmahan noong December 21, 2010 para maisulong ang pagpapatupad ng Republic Act 9242 o ang Philippine Tropical Fabrics Law of 2004.

"Ang araw ng Philippine Tropical Fabrics ay isang pamamaraan upang ipamulat sa mga tao ang pag-usad ng mga telang gawa sa mga halaman ng Pilipinas. Ang PTRI naman ay ang ahensya ng pamahalaan na syang naatasang magsaliksik at gumawa ng mga teknolohiya para sa paggawa ng tela mula sa mga local na halaman," ani Dr. Carlos C. Tomboc, direktor ng Philippine Textile Research Institute ng Department of Science and Technology (PTRI-DOST). "Sa ngayon, nangangailangan kami ng mga mamuhunan upang makagawa kami ng mga lokal na tela mula sa mga materyal na makikita sa mga bansang tropical tulad ng Pilipinas."



Pinangunahan ni PTRI Director Carlos Tomboc ang selebrasyon ng Philippine Tropical Fabric Day kamakailan upang isulong ang pagpapatupad ng R.A. 9242 o ang Philippine Tropical Fabrics Law ng 2004. (Kuha ni Johnny Mariano, S&T Media Service, PTRI)

Ang PTRI ang magbibigay sa Fashionation 2011 ng mga telang gawa mula sa mga lokal na material. Ang fashion show na ito, na sinuportahan din ng Fiber Industry Development Authority mula sa Department of Agriculture at ng Civil Service Commission, ay magtatampok ng iba't-ibang uri ng telang gawa mula sa mga material na lokal bilang pang-opisinang uniporme. Ang mga panauhin sa naturang fashion show ay mga opisyal ng gobyerno, business corporations, at representante mula sa industriya ng tela.

Ang PTRI-DOST ang nangungunang ahensya ng gobyerno pagdating sa textile research and development. Hinihikayat din ng PTRI ang publiko na suportahan ang lokal na industriya ng "tropical fibers" para sa home textiles, office uniforms, formal wear, at iba pa.

(Mga impormasyon mula kay Arlene R. Obmerga, S&T Media Service)

Mga pinuno ng mga ahensya ng DOST, pinarangalan



“Ang pagkilalang ito ay nagpapatunay na ang mga namumuno sa mga ahensya ng DOST ay talagang magagaling,”

Tatlong opisyal ng DOST ang ginawaran ng pristihiyosong Gawad CES ni Pangulong Benigno S. Aquino III noong Enero 11, 2011 sa Rizal Hall, Malacañan Palace. Kasama ni Pangulong Aquino ay sina (L-R) Engr. Denis F. Villorente, direktor ng DOST-ASTI; Dr. Urdujah A. Tejada, direktor ng DOST Region 2; Dr. Patricio S. Faylon, direktor ng PCARRD at Dr. Mario C. Villaverde, Undersecretary ng DOH. (S&T Media Service)

Tatlo sa apat na pinarangalan sa nakaraang 2010 GAWAD Career Executive Service (CES) ay mga puno ng mga ahensya ng Department of Science and Technology. Ito ay sina Dr. Patricio Faylon, executive director ng Philippine Council for Agriculture, Forestry and Natural Resources Research and Development (PCARRD); Dr. Urduja Tejada, regional director ng DOST Region 2; at Engr. Denis Villorente, director ng Advance Science and Technology Institute. Ang isa pang nagkamit ng award ay si Undersecretary Mario Villaverde ng Department of Health.

Tinanggap ng mga ito ang prestihiyosong award mula kay Pangulong Benigno S. Aquino III noong January 11, 2011 sa Rizal Hall, Malacañan Palace.

“Ang pagkilalang ito ay nagpapatunay na ang mga namumuno sa mga ahensya ng DOST ay talagang magagaling,” ani DOST Secretary Mario Montejo. “Ang mga accomplishments ng ating mga pinarangalan ay nagpapakita na ang agham at teknolohiya ay nakakatulong sa pagpapaunlad ng serbisyo sa ating bansa.”

Binigyang pansin ng inampalan ang katatangi-tanging pamumuno ni Dr. Faylon nang makamtan ng PCARRD-DOST ang Philippine Quality Award Level 1 (Commitment to Quality Management) noong 2009 at ang pagkamit nila ng ISO 9001:2000 certification. Ang PCARRD ang kauna-unahang ahensya sa DOST na nagkaroon ng ISO certification. Dahil dito, kinilala ng Malacañan ang PCARRD bilang isa sa 43 ahensya ng gobyerno na nagpapatupad ng quality management system alinsunod sa ISO 9001 standards. Si Faylon din ang nagtatag ng Techno Gabay Program, isang paraan ng technology transfer na nagbibigay ng sapat na impormasyon at teknolohiya sa mga komunidad. Kasalukuyan na itong ginagamit ng iba’t-ibang pamahalaang lokal sa kanilang mga agricultural extension programs.

Kinilala si Dr. Tejada sa kanyang matagumpay na mga proyekto sa komunidad, tulad ng grow-out ponds at fish feed mills, training center para sa fishery products na naging dahilan ng pag-angat ng industriyang aquaculture sa rehiyon. Isa rin siya sa naging daan upang mabuhay muli ang industriya

ng mani sa Jones, Isabela at maging sa pagproseso ng coco wastes upang maging produkto na maaring pakinabangan sa Rehiyon II.

Kinilala naman si Engr. Villorente sa kanyang nagawa sa pagpapalaganap ng research networking sa bansa sa pamamagitan ng Philippine Research, Education and Government Information Network (PREGINET), isang broadband research at extension network na nag-uugnay sa gobyerno, akademya at iba’t-ibang institusyon ng pananaliksik sa bansa. Ang PREGINET ay nakapagbibigay ng mas mabilis at mas magandang pagtutulongan sa pagitan ng mga mananaliksik at siyentipiko. PREGINET rin ang nagbigay daan sa internet connectivity ng iba’t-ibang ahensya ng gobyerno ayon sa Government Information Systems Plan.

Pinagngunahan rin niya ang technical team ng DOST sa pagsertipika sa automated election system sa nakaraang national at local na eleksyon, isang pagpapatunay na maaring magkaroon ng malinis at maayos na halalan sa bansa sa pamamagitan ng makabagaong teknolohiya. Isa rin siya sa nagtulak sa ASTI upang makamtan ang ISO 9001:2008 mula sa ISO 9001:2000 noong isang taon.

Ang Gawad Career Executive Service (CES) Awards ay iginagawad sa mga career executive officials na nakapag-ambag ng katangi-tanging kontribusyon sa iba’t-ibang larangan katulad ng innovation, information and communication technology, social services, administrative reforms at public policy. (Ni Arjay Escondo, S&T Media Service, STII)

Aristotle P. Carandang
Editor-In-Chief

Framelia V. Anonas
Issue Editor

Joy M. Lazcano
Layout

Mario B. Buarao
Design

Ang **BALITANG RAPIDOST** ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag-email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148.

www.stii.dost.gov.ph

DOST Sec. Montejo, binati ang mga bagong Pisay iskolar

Ni Joy M. Lazcano

S&T Media Service, STII

Binati ni Department of Science and Technology Secretary Mario G. Montejo ang mga nakapasa sa National Competitive Examination (NCE) na ibinibigay ng Philippine Science High School (PSHS) ng DOST para sa mga mag-aaral ng elementarya na nagnanais makapag-aral sa nasabing paaralang pinapatakbo ng DOST.

“Sa ngalan ng DOST, taus-puso kong binabati ang mga mag-aaral sa elementarya na nakapasa sa pagsusulit na ibinigay ng PSHS. Ako ay nagagalak na maging bahagi sa paghuhubog ng mga mamumuno sa ating bansa sa hinaharap lalo na sa larangan ng agham at matematika,” ani Secretary Montejo.

Ang NCE ay ibinibigay sa mga mag-aaral sa elementarya na nagnanais na magkaroon ng natatanging pag-aaral sa agham at matematika sa ilalim ng PSHS.

Sa 20,233 na magaaral na sumubok sa pagsusulit, 1,114 ang nakapasa. Ang mga nakapasa ay maaaring magpunta sa pinakamalapit na kampus ng PSHS upang makapagpalista. Maaari ding bisitahin ang www.pshs.edu.ph o ang www.dost.gov.ph para sa karagdagang impormasyon.

Ang PSHS ay itinulad sa Bronx High School of Science ng New York. Nagsimula ang PSHS bilang isang pangarap ni Dr. Leopoldo V. Torralbala, isang maestro sa New York University. Kanyang pinangarap na magkaroon ng isang institusyong magiging sentro ng



Ang mga estudyante ng Philippine Science High School kasama ang mga estudyante mula sa Philippine Highschool for the Arts sa nakaraang interaction project sa PHSA campus sa Los Baños, Laguna.

karunungan sa agham at matematika para sa mga mag-aaral na may angking talino sa mga larangang ito.

Noong 1963 itinayo ang kauna-unahang kampus ng PSHS sa lungsod ng Quezon. Sa kasalukuyan ay mayroong 11 mga kampus sa iba't ibang bahagi ng bansa.

Itinuturing na mga iskolar ang mga mag-aaral ng PSHS. Sila ay nakakatanggap

ng buwanang *stipend*. maliban pa sa libreng matrikula at mga aklat. Mayroon ding ipinagkakaloob na *allowance* para sa uniporme, pamasahang mag-aaral at *living allowance* base na rin sa kakayahang pinansiyal nito.

Ang bawat mag-aaral ng paaralang ito, na tinatawag ding “Pisay,” ay inaasahang magkakamit ng pinakamataas na antas sa pag-aaral at gawi.

Kaugnay dito, ang bawat mag-aaral ay lumalagda sa isang kontrata na nag-aatas sa kanya na kumuha ng kurso sa kolehiyo na may kinalaman sa larangan ng agham at engineering.

Sa mga nakalipas na taon, ang mga iskolar ng PSHS ay nagbigay karangalan sa bansa. Kabilang dito ang FIRST Robotics Competition noong 2009 kung saan ang bansa ay nagwagi sa rehiyon bilang Highest Rookie Seed Award at ang Rookie All-Star Award.

Sila rin ay pumang-apat sa Intel International Science and Engineering Fair (ISEF) sa San Jose, California.

Samantala, hinimok ni Secretary Montejo ang mga mag-aaral mula sa high school na ang mga kursong may kaugnayan sa matematika at agham ang kunin sa kanilang pag-apak sa kolehiyo. “Umaasa ang pamunuan ng DOST na sa hinaharap, ang ating mga mag-aaral mula sa PSHS, maging ang mga hindi pinalad na mapabilang dito, ay siyang magpupuno ng kakulangan ng bansa ng mga eksperto,” wika ni Montejo.



Ignite the mind. Kasama nina Department of Science and Technology Secretary Mario G. Montejo (panglima mula kaliwa) at dating sportscaster at ngayo'y Science and Technology Information Institute Director Raymund E. Liboro (pangalawa mula kaliwa) ang mga opisyal at kasapi ng Liga ng mga Broadcaster ng Pilipinas na pinamumunuan ni Rolly Gonzalo (pang-apat mula kaliwa) sa isang nakakaaliw na tagpo na nagpapatungkol sa nakaraang aktibidad ng ahensiya na “Ignite the Mind.” Si Secretary Montejo ay isa sa mga panauhing kamakailan sa lingguhang Broadcaster's Forum na ginanap sa Hotel Rembrandt, Lungsod ng Quezon. **[Kuha ni Gerry Palad]**